

Fukushima NOW

Vo.6 (Published in February 2018)

Vo.6 (Published in February 2018)

Ang Prepektura ng Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now" sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani

kanilang pag sisikap para makabangon mataposmaganap ang sakuna, kahit na sa pamamagitan ng palitang pang-internasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.

※Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.



Voices from Fukushima

Pagdating ko sa Hapon ay sunod-sunod na pagkabigla.

Francis Amimo Akoti (galing ng Kenya at kasalukuyang naninirahan sa Nihonmatsu).



Nang ako ay nagtrabaho sa fitness club sa Nairobi, nakilala ko ang aking asawa ng siya ay isugo ng JICA sa aming bansa at sumama ako sa pinagtrabahuan ng asawa ko sa Nihonmatsu. Simula ng taong 2012 buwan ng Marso ako ay nag umpisang magtrabaho sa Nihonmatsu Training Center bilang guro sa Ingles.

Bago ako makarating sa Hapon ang images ng bansang Hapon sa akin ay ang

mga sumusunod relo na gawa ng Seiko, sasakyang gawa ng Toyota, kamera na gawa ng Canon, ngunit nang marating ko ang bansang Hapon ay nabigla ako sa kasaganahan ng bansa. Mayroong shinkansen, matataas na building, napakaraming makabagong mga sasakyan, ang mapakagandang kabayanan at malinis na toilet, sariwang gulay at prutas, ang mga trabahador ay nakasuot ng kanikanilang mga uniporme at masipag na nagsisipag-trabaho. Ang lahat ng nakita ko ay kahanga-hanga at kung ano ang mga kuru kuru ko bago ako makarating sa bansang Hapon ay nilampasan.

Nang maganap ang sakuna sa Silangang bahagi ng Hapon, ako ay nasa apartment. Noong nasa Kenya pa ako ay wala akong karanasan sa lindol kaya ng lumindol ay nabigla ako at tumakbo ako palabas ng apartment. At iyong nasa harapan kong building ay nayuyogyog na parang matutumba. Nang tumigil ang pag yugyog ay bumalik ako sa kuwarto ko at kinuha ko ang passport ko at pera, nag suot ako ng damit na makapal kapal para hindi ako lamigin at lumabas ulit ako. Nang masigurado kong humupa na ang lindol ay bumalik ako sa kuwarto ko, ngunit bigla nanamang nag alarm ang buzzer para sa lindol kaya napatakbo nanaman ako sa labas at ilang beses itong naging paulit ulit. Pag katapos ay napanuod ko sa balita sa telebisyon na nagka tidal wave kaya ako ay nabigla, at tinanong ko ang katabi ko kung aabot basa Nihonmatsu ang tidal wave, ng sagutin ako ng hindi ay nawala ang aking pagkabagabag. Nang huminto ang lindol iniayos ko ang passport, peanuts, mga damit na makapal, pera at inilagay sa isang bag na kung ano man ang mangyari ay kaagad kong mabibitbit pag likas, na halos isang buwan ang inabot.

Nang maganap ang aksidente sa planta ng nukleyar, binalak kong lumikas sa ibang lugar malayo sa prepektura ngunit, pinaniwalaan ko ang pahayag ng gobyerno ng Hapon na huwag mag alala at ang kakayahan ng bansang Hapon para maayos ang sitwasyon, ako ay hindi lumikas bagkus ako ay nanatili dito sa prepektura.

Ang Fukushima ay napakagandang lugar. Hindi matraffic, ang upa sa tirahan ay mura, ang mga gulay at prutas ay sariwa.

Kamakailan ang dating bawal pasuking lugar tulad ng Namie ay tinayuan ng bagong shopping mall, kaya plano kung bumisata at mamasyal doon.

Naramdaman ko na mayroon akong koneksyon noong aking kabataan dahil sa aking paghanga.

Yabaka Tiranun (galing Thailand at kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Fukushima)

Noong 25 anyos ako ay narating ko ang bansang Hapon dahil sa ang napangasawa ko ay mamamayan ng basang Hapon. Sa Prepektura ng Nagano ako natira ng limang taon ng bagong dating ako dito at lumipat sa Prepektura ng Fukushima.

Nang maganap ang sakuna sa Silangang bahagi ng Hapon ako ay walang pasok sa trabaho at namamalengke. Pauwi na ako at ng pasakay na sa sasakyan ay nag-

umpisang lumindol. Sumunod dito ay ang aksidenteng naganap sa planta ng nukleyar, ngunit hindi ako lumikas bagkus, nanatiling nanirahan sa prepektura ng Fukushima. Ang Embahada ng Thailand ay nagprepara ng lugar para paglikasan at ito ay ang prepektura ng Chiba.

Ang Thailand Shrine na nasa prepektura ay isinigurado, at ang pag aayos ng oneway ticket ng eroplano pauwi sa Thailand ng gustong umuwi sa Thailand.

Simula noong nakaraang taon ng Mayo sa Fukushima Prepektural Government ako ay nag-umpisang magtrabaho bilang tagasalin at taga interpreta. Sa LINE habang nakikipag-usap ako sa aking kababayan ay gumagawa din ako ng PR para sa tourist information sa facebook na may pamagat na 「We Love Fukushima」. Sa pag sasalin naman ng wikang Hapon, sa paggamit ng mga magagalang na pananalita ay medyo nahihirapan ako pero nakaka challenge at mayroong kabuluhan ang paghihirap ko. Ang pakikisalamuha sa kapwa, ang pag gamit ng tamang pananalita, ay nararamdaman kong maaangkop sa akin dahil mahilig akong mag- aral at matuto. At ang mga nakapaligid sa aking mga katrabaho ko ay mababait at pakiramdam kong ako ay kapamilya nila kong tratuhin kaya gusto ko ang trabaho kong eto.

Noong ako'y sampung taong gulang at nakatira sa Thailand, may naka display na kalendaryo sa bahay na may litrato ng kimono, ako ay humanga at bukung bibig ko ay 「ang ganda naman」. Ng mga panahong iyon ay hindi ko alam na ang kimono ay gawa pala ng bansang Hapon, at habang ako ay lumalaki nalimutan ko na ang paghanga ko sa kimono, ngunit ng dumating ako dito sa bansang Hapon at makita ang kimono ay naalaala ko ang paghanga ko dito noong aking kabataan. Kung iisipin ngayon ay nararamdaman kong mula pag kabata ay may koneksyon na ako sa bansang Hapon. Sa Fukushima kahit saang lugar ka pumunta ay mapakaganda. Pag dumating ang tag-sibol ang makikitang



▲ Kasama ang aking mga katrabahdor

tanawin pagsumakay ng Kitakata Nichusen ay ang weeping cherry at sa Tanami River ay ang Daiichi Kyouryou, sa Hirata village naman ay makikita ang ground pink (shibasakura) ng Jupialand Hirata, ito ang mga tanawing mairerekomenda ko at nais kong mapasyalan po ninyo.



Scenes of Fukushima

Pagpapakilala ng Kultura ng Intsik sa pamamagitan ng pambahay na lutong pagkain

Sa lunsod ng Koriyama kung saan mayroon samahan ng mga naninirahang Intsik na pinangalangang 「Nichu Bunka Fureai Kai~Koufuku」na may layuning, magkaroon ng palitan ng kuro-kuro sa kultura ng Hapon at Intsik at magkaroon ng koneksyon sa mga mamamayan,ang event ng International Exchange at ang lecture para sa wikang Intsik ay gaganapin.Sa araw na ito ay gaganapin din ang cooking lesson na ang magiging menu para iluto ay ang 「Suijao」ang luto na inihahanda tuwing bagong taon sa Intsik,at nagkaroon na ng 20 kataong gustong sumali. Ang mga sasali ay gagamit ng karne ng baboy at karne ng lamb para sa paggawa ng suijao,toufukan, sutanghon salad, egg soup, at ang tradisyonal na candy ng Intsik na pinangalanang (sachima). Habang kumakain ay pinag-aaralan ng kultura ng Intsik. At bilang ibang luto ng



▲ Lecturer Ms. Suzuki and Representative of the Japanese-Chinese Culture Connectedness Group ~ Happiness Ms. Li



gyoza ay ginamit na sangkap ang prutas at mane para iluto ang sweets gyoza at ginamit din ang toufu bilang sangkap para gawing gyoza, at ang lahat ay interesadong nakinig para matuto. Sa Marso 10 (Sabado) ay gaganapin ulit ang kasunod at ang magiging tema ay pagpasok ng tagsibol na lutuin (chinbin) . Para sa karagdagang impormasyon ay paki bisita po ang homepage sa ibaba <http://www.worldvillage.org/fia/news/details.html?id=2191>

Sa wakas ay nagawa na rin ang sake na inumpisan sa pagtatanim ng palay.

Ang brewers rice 「gohakumanggoku」 na pinalaki sa pamamagitan ng pag gamit ng Surikami River ng Iizaka town sa lunsod ng Fukushima ang ginamit sa sangkap paggawa ng alak at pinatulong sa isang imbakan ng alak sa lunsod ng fukushima.



Ang nagawang alak ay pinangalanang 「Junmai Ginjo Surikamikawa」 at para ipagdiwang ang pagkakagawa ng alak ay ginanap ang debut party para dito.

Sa araw na iyon ang mga kabataan, dayuhan, at mga mamamayan ng komunidad na tumulong sa pag tatanim at pag ani ang palay na may 50 katao ay inanyayahan at nagtipon, sa isang pribadong bahay na may 200 taon ng tanda buhat ng gawain sa Iizaka town kung saan masayang nagkainan at nag inuman. Matapos magkainan ay nag laro ng fukuwarai at hanetsuki. Ang sabi ng professional na wine taster ay bagay ang sake na ito sa nimono, shiokara, at talaba na ibinabad sa mantika.

Ang dayuhang tumulong simula sa pagtatanim hanggang pag ani ng palay ay galing Seattle at first time na nakaranas ng ganitong eksperyensa. 「Sa pagsali ko sa unique na okasyong ito ay naramdaman



ko ang espisyal na koneksyon ko sa alak lalo na sa mga mamamayan.Ang Fukushima ay napakagandang lugar. Ang mga mamamayan ay mababait at kahit saan ka pumunta ay palagi kang welcome」 Galak na galak kong uminom ng bagong gawang alak.

Mapag-alaman sa pamamagitan ng karanasan ang kasalukuyang kalagayan ng Fukushima

Ang Unibersidad ng Fukushima ay naglunsad ng field work na pinamagatang 「Fukushima Ambassadors Program」 kung saan ang mga estudyante ng unibersidad na maykasunduan para sa short-term foreign students sa buong mundo ay inanyayahan para mapag-aralan ang kasalukuyang kalagayan sa iba't ibang lugar ng Fukushima. Para sa pang ika- labing dalawang (12) beses ng programang ito ay ang labing-limang (15) estudyante ng Glasgow University ng Scotland at ang apat (4) na boluntaryang estudyante ng Fukushima ay naglibot ng sampung araw (10) sa bawat lugar ng Prepektura ng Fukushima para pag-aralan ang agrikultura at kung ligtas ba ang pagkain, ang coast damaged area, ang evacuation zone at pag bisita sa Daiichi Nuclear Power Plant.

Isa sa mga estudyante ay gumagawa ng eksperimento para sa samahan ng Glasgow University ay nagsalita na 「ang magkaroon ng kaalaman sa naganap na sakuna sa Fukushima ay malaki ang maitutulong para sa paggawa ng samahan kaya ako ay sumali sa programang ito. Ang sabi ni Mr. Ueno biktima ng tidal wave kung saan ang kanyang pamilya ay namatay dahil natangay nito, ay nagkaroon siya ng malaking impresyon sa lugar, at sa kahalagahan ng tungkulin para sa pamilya.

Ang pag-aakala ko bago ako dumating dito sa Fukushima, ang bansang Hapon ay magkakasundo para sa pagbangun muli ng Fukushima ngunit kakaiba ang nakita ko ng dumating ako dito sa Fukushima.

Sa aksyon na ginawa sa labas at loob ng prepektura ng Fukushima ay marami akong natutunan. Ang pag stay ko sa Prepektura ng Fukushima ay napag alaman kong maliban sa pamumuhay sa evacuation center ang ibang mamamayan ay normal na namumuhay, at ang pagbangon ay patuloy na isinasagawa.」



Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika

Sa Fukushima Prefectures official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ang pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 9 na wika (Hapon, Ingles, Mandarin, Koreyano, German, French, Italiano, Espanyol, at Portuguese).

Fukushima Restoration Station <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>

Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

●Ang linguaheng English,Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon

●Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.

※Tuwing ika-apat at ika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng reserbasyon.

Telepono: 024-524-1316 (pribado)

E-mail : ask@worldvillage.org(pribado)

Publisher:

Fukushima International Association

Address : 〒960-8103 Funabacho 2-1,

Fukushima City, Fukushima Prefecture

TEL : 024-524-1315 FAX : 024-521-8308

E-mail : info@worldvillage.org

Kasalukuyan ang pag lalagay ng impormasyon

sa SNS sites ay ginagawa kaagad pag nalaman namin ito

Facebook : <https://www.facebook.com/fiainfo>

Twitter : https://twitter.com/fia_info

